
Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan




## Magmaneho nang ligtas malapit sa mga school bus

Gumagamit ng mga senyas at kumikislap na mga ilaw ang mga bus upang magbabala sa mga nagmamaneho na sila ay sumusundo o nagbababa ng mga batang mag-aaral, at maaaring mayroong mga bata na tumatawid o tatawid sa daan.

Ayon sa batas, hindi mo dapat lampasan ang bus sa pareho mong direksyon nang mahigit sa 40km/h habang kumikislap ang mga ilaw nito. Ito ay nalalapat kung ang bus ay nakatigil man o umaandar.

Hindi maaaring biglaang tumigil ang mga bus dahil ang mga ito ay malalaki at mabibigat na mga sasakyan. Ang mga ito ay mayroon ding mas malaking mga blind spot kaysa sa ibang mga sasakyan. Kaya tandaan:

- Bawasan ang bilis sa 40km/h kapag kumikislap ang mga ilaw ng bus, maliban kung nalalapat ang mas mababang speed limit
- Mag-ingat sa mga tumatawid na mga bata, o mga tatawid pa lamang ng daan
- Huwag kailanman magparada sa loob o malapit sa bus stop o bus zone
- Padaanin muna (give way) ang mga bus

**Mga di-pormal na school bus stop**

Sa mga kanayunan at rehiyonal na lugar, maraming mga di-pormal na mga school bus stop na walang mga palatandaan o istraktura, katulad ng mga bus shelter. Maaaring ang mga ito ay nasa dulo ng daanan ng sasakyan (driveway) o sa gilid ng daan, kung saan maaaring mahirap mamataan ang mga bata.

Bawasan ang bilis sa 40km/h kapag kumikislap ang mga ilaw ng bus, sundin ang mga palatandaan (signs), at maging alerto sa mga bata na tumatawid sa daan. Ang nakatigil na bus ay maaaring makaharang sa pagtanaw sa mga bata, kaya't kailangang magmenor ng tulin ang mga nagmamaneho.

**Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**

Stock code 45095198 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi
sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO